

MGA KINAKAILANGANG PROSESO UPANG TUMANGGAP NG SAHOD SA DIGITAL NA PARAA

PARA SA MGA MANGGAGAWA

Sa ilalim ng Labor Standards Act, ang sahod ay dapat bayaran ng cash, ngunit kung pumayag ang manggagawa, ang sahod ay maaaring i-transfer sa isang bank account, atbp. Upang matugunan ang pagpapalaganap ng cashless payments at iba pang mga paraan ng remittance, napagdesisyunan na kung sumang-ayon ang manggagawa, ang mga pagbabayad sa sahod (digital na pagbayad ng suweldo) ay papahintulutan na maipasok sa account ng isang Fund Transfer Service Providers (gaya ng ●●Pay) na itinalaga ng Minister of Health, Labour & Welfare.



Para sa mga detalye tungkol sa digital wage payment system at mga Fund Transfer Service Providers na itinalaga ng Minister of Health, Labour & Welfare (designated Fund Transfer Service Providers), mangyaring sumangguni sa website ng Ministry of Health, Labor and Welfare na "Mga dokumento para sa Kaalaman", "Listahan ng mga Designated Fund Transfer Operator", atbp.



Ministry of Health, Labour and Welfare website

1

DIGITAL NA PAGTANGGAP NG SAHOD

★**Ang leaflet na ito ay nagbuod sa mga nilalaman na paunawa at pakiusap sa mga manggagawa na gustong makatanggap ng kanilang sahod sa digital na paraan.**

- Upang makatanggap ng sahod sa digital na paraan, kinakailangan ng employer at manggagawa na magkaroon ng labour-management agreement* patungkol sa pagbabayad sa digital na sahod. Nakasaad sa labour-management agreement kung aling Fund Transfer Service Providers ang maaaring gamitin ng employer.

※Ang labour-management agreement ay nabubuo sa pagitan ng employer at unyon, kung may unyon na binubuo ng karamihan ng mga manggagawa, o indibidwal na kumakatawan sa karamihan ng mga manggagawa kung walang unyon na binubuo ng karamihan ng mga manggagawa.



Kung ang iyong employer ay walang digital na pagbabayad ng sahod at gusto mo matanggap ang iyong sahod sa digital na paraan, o kung ang itinalagang Fund Transfer Service Provider na nais gamitin ay hindi kasama sa labour-management agreement, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kumpanya o labor union, atbp.




MGA PAALALA

- Ang paggamit ng digital na pagbabayad ng sahod ay hindi sapilitan. Kung hindi ito nais ng manggagawa, maaari pa din nila matanggap ang kanilang sahod sa pamamagitan ng bank account deposit, atbp. tulad ng dati.
- Maaari din na makatanggap ng bahagi ng sahod sa pamamaraang digital, at matanggap ang iba pa nito sa pamamagitan ng bank account deposit, tulad ng dati.
- Kahit pinili ang digital na pagbabayad ng sahod, maaaring baguhin ang paraan ng pagtanggap ng sahod sa bank account, atbp.

DALUY NG MGA KINAKAILANGANG PAGPROSESO

- Sundin ang sumusunod na mga hakbang kung nais makatanggap ng sahod sa digital na paraan.
 - ① Kumpirmahin ang nilalaman ng serbisyo ng bawat itinalagang Fund Transfer Service Providers
 - ② Indibidwal na pahintulot para sa employer, atbp.
 - ③ Aplikasyon para sa paggamit sa itinalagang Fund Transfer Service Providers



1

Kumpirmahin ang nilalaman ng serbisyo ng bawat itinalagang Fund Transfer Service Providers

- Pag-isipan kung aling itinalagang Fund Transfer Service Provider ang iyong gagamitin sa mga tinutukoy sa labour-management agreement. Nag-iiba-iba ang nilalaman ng serbisyo depende sa itinalagang Fund Transfer Service Provider, kaya pakitingnan ang website ng bawat itinalagang Fund Transfer Service Provider para sa mga detalye at kumpirmahin ito. Maaari rin na pumili ng maramihan sa mga itinalagang Fund Transfer Service Provider.

Mga dapat isaalang-alang sa pagpili ng itinalagang Fund Transfer Service Provider

- **Ang pinakamataas na limitasyon ng halagang maaaring tanggapin ng account na tatanggap ng sahod.**

Ang maximum na halagang tinatanggap ay nag-iiba depende sa itinalagang Fund Transfer Service Provider. Kung lumampas sa maximum ang halagang natanggap, ang labis na halaga ay awtomatikong idedeposit sa isang savings account (itinalagang alternatibong account) sa isang bangko o ibang bangko na iyong itinalaga sa simula. Maaaring singilin sa iyo ang bayad sa awtomatikong pagdeposito sa itinalagang alternatibong account.

- **Suriin ang mga pamamaraan at bayad para sa pag-convert ng balanse ng iyong account sa cash (withdrawal).**

Maaari mo ring i-withdraw ang balanse ng iyong account sa cash (withdrawal) sa ATM o bank account kung saan nadedeposito ang pera, at maaari kang mag-withdraw ng pera mula sa iyong account nang libre hanggang sa isang beses sa isang buwan na withdrawal. ◦

Ang bayad para sa pangalawa at kasunod na mga withdrawal ng bangko ay nag-iiba depende sa itinalagang Fund Transfer Service Provider.

2

Indibidwal na pahintulot para sa employer, atbp.

- Pagkatapos makatanggap ng paliwanag ng mga kinakailangan para sa digital na pagbabayad ng suweldo mula sa iyong employer (o itinalagang Fund Transfer Service Provider), mangyaring isumite ang iyong authorization letter para sa digital na pagbayad ng suweldo sa iyong employer. Kasama ng iyong authorization, kakailanganin mong ipakita sa iyong employer ang mga sumusunod na bagay na napagpasyahan mo sa iyong sarili.

(1) Saklaw ng sahod na gustong matanggap sa pamamagitan ng digital na pagbayad ng suweldo at ang halaga nito

(2) Pangalan ng itinalagang Fund Transfer Service Provider (serbisyo) at impormasyon ng account kung saan matatanggap ang sahod

(Halimbawa: Account ID, pangalan ng may-ari ng account)

(3) Ninanais na panahon upang simulan ang pagbabayad

(4) Impormasyon ng itinalagang alternatibong account tulad ng mga bangko, atbp.



Unawain na ang itinalagang Fund Transfer Service Provider account ay hindi para sa paggawa ng mga deposito, ngunit para sa mga pagbabayad at remittance, at itakda ang halagang inaasahang aktuwal na gagamitin para sa mga pagbabayad, atbp., batay sa kasaysayan ng paggamit.

3

Aplikasyon para sa paggamit sa itinalagang Fund Transfer Service Providers

- Pagkatapos ng authorization sa iyong employer, mag-apply para sa digital na pagbayad ng suweldo gamit ang app ng itinalagang Fund Transfer Service Provider.

Tandaan na maaaring kailanganing abisuhan ang iyong employer pagkatapos mag-apply para sa paggamit sa isang itinalagang Fund Transfer Service Provider.



Upang makatanggap ng agarang reimbursement ng balanse sa account kung sakaling ma-bankrupt ang itinalagang Fund Transfer Service Provider, magkakaroon ng **guarantee agreement** sa pagitan ng manggagawa at ng guarantee institution bilang bahagi ng proseso ng aplikasyon.

Dito natatapos ang proseso.

Kumpirmahin din ang nilalaman sa susunod na pahina.

Tandaan na ang mga kinakailangan proseso ay nag-iiba depende sa itinalagang Fund Transfer Service Provider. Para sa detalye, mangyaring i-check ang mga website ng bawat itinalagang Fund Transfer Service Provider.

2

I-update ang impormasyon ng itinalagang alternatibong account!

- Ang itinalagang alternatibong account ay isang savings account kung saan ang labis na halaga ay awtomatikong idedeposito rito kapag ang balanse ng account ay lumampas sa limit ng halagang maaaring tanggapin. Mahalaga rin ito para sa pagbabalik ng balanse sa account kung sakaling ma-bankrupt ang itinalagang Fund Transfer Service Provider. Kung nagbago ang iyong pangalan dahil sa pagpapalit nito, atbp., o kung ang nakarehistrong savings account ay napaso dahil sa nakansela atbp., maaaring mangailangan ng oras para sa awtomatikong pagdeposito o pagbabayad.

Kaya mangyari na regular na suriin ang impormasyon ng iyong itinalagang alternatibong account.

- Kung mayroong anumang mga pagbabago sa itinalagang alternatibong account, mangyaring abisuhan ang itinalagang Fund Transfer Service Provider.

3

Kung nais na ipa **hinto ang digital na pagtanggap ng sweldo o magpapalit ng trabaho o huminto sa iyong trabaho...**

- Maliban sa employer, maaari ring kailanganin na abisuhan ang itinalagang Fund Transfer Service Provider.
- Ang mga guarantee contract sa mga guarantee institution ay maaari ring kanselahin.

Para sa mga pamamaraan ng pagkansela, maaari ring kailanganin na makipag-ugnayan o abisuhan ang guarantee institution.

*Mangyaring kumpirmahin ang mga detalye sa itinalagang Fund Transfer Service Provider.

4

Kung sakaling may mangyaring hindi inaasahan...

■ Sa kaso ng mga mapanlinlang na transaksyon (tulad ng hindi awtorisadong withdrawal)

Kung walang pagkakamali sa bahagi ng may-ari ng account, ang nawalang halaga ay ibabalik. Gayunpaman, maaaring kailanganin na abisuhan ang itinalagang Fund Transfer Service Provider sa loob ng isang partikular na panahon (hal. 30 araw mula sa araw pagkatapos mangyari ang transaksyon).

Kung may makita kang anumang mapanlinlang na transaksyon, mangyaring makipag-ugnayan kaagad sa itinalagang Fund Transfer Service Provider.

■ Sa kaso ng pagka-lugi ng itinalagang Fund Transfer Service Provider

Kaagad na mababayaran ang balanse ng account batay sa guarantee agreement sa guarantee institution. Para sa pagbabayad, maaaring ilipat ng guarantor ang pera sa isang itinalagang alternatibong account, o maaaring kailanganin mong humiling sa guarantor. Para sa pagbabayad, maaaring ilipat ng guarantee institution ang pera sa isang itinalagang alternatibong account, o maaaring kailanganin mo na i-request ito sa guarantee institution.

*Mangyaring kumpirmahin ang detalye sa itinalagang Fund Transfer Service Provider o guarantee institution.



Para sa tao, kabuhayan, at kinabukasan

**Ministry of Health,
Labour and Welfare**